



*California's Protection & Advocacy System*

## **Pangbu-bully at Panggigipit sa mga Estudyanteng may mga Kapansanan**

---

*Pub#5512.08 Tagalog – Oktubre, 2020*

Nagbibigay ang publikasyon na ito ng buod ng pangbu-bully at panggigipit sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Ang publikasyon na ito ay:

- Ipinapaliwanag ang pangbu-bully at panggigipit;
- Ipinapaliwanag ang mga tungkulin ng mga distrito ng paaralan sa ilalim ng batas hinggil sa pangbu-bully at panggigipit; at
- Nagbibigay ng mga posibleng paraan para malunasan ang pangbu-bully at panggigipit sa kapansanan sa pamamagitan ng proseso ng IEP at iba pang pamamaraan.

### **1. Ano ang Pangbu-bully?**

Ang pangbu-bully ay di-kanais-nais na pag-uugali na kasangkot ang isang tao na may mas kakayahan kaysa sa iba. Ang kawalan ng balanse ng kakayahan ay maaaring talagang umiiral o maaaring pakiramdam ay umiiral ito. Mga halimbawa ng anyo ng kakayahan na maaaring maging kawalan ng balanse ay kabilang ang pisikal na lakas, nalalamang isang bagay na nakahihiya tungkol sa isang tao, o katanyagan. Maaaring gamitin ng bully ang mga anyo ng kakayahan na ito para kontrolin o pinsalain ang iba. Ang di-kanais-nais na pag-uugali ay inuulit o maaaring maulit.<sup>1</sup> Umiiral ang pangbu-bully sa maraming anyo, tulad ng:

---

<sup>1</sup> <https://www.stopbullying.gov/bullying/what-is-bullying>

- A berbal na pangbu-bully ay pagsasabi o pagsusulat ng hindi mabuting mga bagay, at maaaring kabilang ang panunukso, pang-iinsulto, at pagbabanta;
- A pisikal na pangbu-bully ay pananakit sa katawan o mga pang-aari ng tao, at maaaring kabilang ang pagpalo, pagpatid, pagsipa, pagdura, pagtulak, o pagkuha at pagsira ng mga bagay ng isang tao;
- A panlipunang pangbu-bully ay pananakit sa repustasyon o mga relasyon sa isang tao. Maaaring kabilang nito ang pagkakalat ng tsismis, sadyang iniiwan ang isang tao, nanghihingi ng pera o ari-arian, o nanakot o pinagbabantaan ang isang tao;
- A cyber-bullying ay pangbu-bully na nangyayari sa pamamagitan ng mga bagay tulad ng mga cell phone, computer, o ng Internet. Maaaring kasama nito ang “pagse-send, pagpo-post, o pagse-share ng nakasasama, hindi totoo, o hindi magandang nilalaman tungkol sa iba pang tao.”<sup>2</sup>

Sinasabi ng batas na ang pangbu-bully ay mga salita o kilos ng isang estudyante tungo sa iba pang estudyante. Para maging pangbu-bully, ang mga resulta ng pag-uugali o maaaring magresulta sa:

- Matakot sa pinsala sa iyong katawan o ari-arian;
- Mga negatibong epekto sa pisikal o kalusugan hinggil sa pag-iisip;
- Mga epekto sa pagganap sa eskuwela; at
- Mga epekto sa pagkikilahok sa mga aktibidad at serbisyo sa paaralan.<sup>3</sup>

## **2. Ano ang Panggigipit sa Kapansanan?**

Ang panggigipit sa kapansanan ay “intimidasyon o abusadong pag-uugali” tungo sa isang estudyante batay sa kapansanan.<sup>4</sup> Ang

---

<sup>2</sup> <https://www.stopbullying.gov/cyberbullying/what-is-it>

<sup>3</sup> Cal. Ed. Code Secs. 32261(f), 48900(r)(1).

<sup>4</sup> Dear Colleague Letter, Hulyo 25, 2000, available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/disabharassltr.html>

panggigipit sa kapansanan ay maaaring mangyari sa maraming iba't ibang paraan. Maaaring kabilangin nito ang mga salita, pang-iinsulto, mga nakasulat na pahayag, o mga pisikal na kilos.<sup>5</sup> Hindi kailangang maging direkta sa isang partikular na tao ang panggigipit sa kapansanan, hindi kailangang mangyari nang paulit-ulit, at hindi dapat magsanhi ng sadyang pinsala.<sup>6</sup> Ang panggigipit sa kapansanan ay maaaring gawin ng ibang estudyante, at saka ng mga empleyado ng paaralan, tulad ng mga guro at administrador. Ang pangbu-bully ay maaari ring maituring na panggigipit kung ibinabatay ito sa kapansanan ng isang estudyante.

Kapag pinipigilan ng panggigipit ang estudyanteng may mga kapansanan na matuto o makilahok sa mga aktibidad sa paaralan na dapat normal nilang ginagawa, tinatawag itong isang “hostile learning environment.” Ang panggigipit sa kapansanan ay maaaring lumikha ng hostile learning environment. nangyayari ito kapag ang panggigipit ay malala, kalat na kalat, at lubos na nauulit na pinipigilan nito ang mga estudyanteng may mga kapansanan sa paglahok o mabenepisyuhan sa mga aktibidad o serbisyo ng paaralan.<sup>7</sup>

### **3. Paano Ko Malalaman kung ang Aking Anak ay Nabu-bully o Nagigipit?**

Magbigay pansin sa anak at anumang pagbabago sa kanilang pag-uugali, mood, o hitsura tulad ng:

- Mga pagbabago sa pagkain at pagtulog;
- Sumasamang mga grado at pagganap sa eskuwela;
- Iniiwasan ang eskuwela, lumalaktaw sa eskuwela, nahuhuli sa eskuwela, o nagpapahitawag ng hindi pagkagusto sa eskuwela;
- Mga sugat tulad ng mga galos, pasa, o punit na damit; at/o
- Depresyon, pagkabahala, kalungkutan, o mababang pagtingin sa sarili.

Paminsan-minsan ang mga estudyanteng may mga kapansanan

---

<sup>5</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 26, 2010, available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-201010.html>

<sup>6</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 26, 2010, available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-201010.html>

<sup>7</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 26, 2010, available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-201010.html>

ay hindi alam na sila ay nabu-bully o nagigipit. Mahalaga na kausapin ng mga magulang ang kanilang anak at tanungin sila tungkol sa kanilang mga ugnayan sa ibang estudyante. Maaaring hindi maunawaan ng ilang bata na ang nabu-bully o ginigipit ay nakasasama. Maaaring hindi nila magawang sabihin sa isang may sapat na gulang na sila ay nabu-bully o nagigipit.<sup>8</sup> Dahil dito, mahalaga na sabihin sa paaralan tungkol sa anumang bagay na mukhang pangbu-bully o panggigipit.

### **3. Anong mga Batas ang Namamahala sa Pangbu-bully at Panggigipit sa Kapansanan sa Paaralan?**

Ang pangbu-bully at panggigipit sa kapansanan ay maaaring maging isang anyo ng diskriminasyon sa kapansanan, kung saan ay ilegal. Inuutos ng mga batas ng pederal ang paaralan na magbigay ng pantay na edukasyonal na pagkakataon sa lahat ng estudyante, kabilang ang mga estudyanteng may mga kapansanan.<sup>9</sup>

Ang Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 (“Section 504”) ay ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa kapansanan at lumalapat sa anumang paaralang tumatanggap ng pera ng pederal.<sup>10</sup> Ang Title II ng Americans with Disabilities Act of 1990 (“Title II”) ay ipinagbabawal din ang diskriminasyon batay sa kapansanan, ngunit lumalapat sa lahat ng estado at lokal na entidad, tumatanggap man sila o hindi ng pera ng pederal.<sup>11</sup> Ang pangbu-bully at panggigipit sa kapansanan ay maaaring maging isang anyo ng diskriminasyon na nilalabag ang parehong Seksyon 504 at Title II.<sup>12</sup> Ang panggigipit ay maaari ring sirain ang iba pang sibil na karapatan, pang-aabuso sa bata, at mga kriminal na batas.

---

<sup>8</sup> Dear Colleague Letter, Agosto 20, 2013, available sa:

<https://www2.ed.gov/policy/speced/guid/idea/memosdcltrs/bullyingdcl-8-20-13.pdf>.

<sup>9</sup> Dear Colleague Letter, Hulyo 25, 2000, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/disabharassltr.html>.

<sup>10</sup> Dear Colleague Letter, Hulyo 25, 2000, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/disabharassltr.html>.

<sup>11</sup> Dear Colleague Letter, Hulyo 25, 2000, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/disabharassltr.html>

<sup>12</sup> Dear Colleague Letter, Hulyo 25, 2000, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/disabharassltr.html>.

May katungkulan ang mga pampublikong paaralan ng California na magbigay ng pantay na pang-edukasyong pagkakataon para sa mga estudyante.<sup>13</sup> Ang mga estudyante ay may karapatang “pumasok sa mga klase sa mga campus ng paaralan na ligtas, walang panganib, at mapayapa.”<sup>14</sup> Ang mga estudyante sa pampublikong paaralan ay may karapatang hindi madiskrimina o magipit.<sup>15</sup> Ang panggigipit sa paaralan batay sa kapansanan ay inilalagay sa panganib ang karapatan na ito sa pantay na pang-edukasyong pagkakataon.<sup>16</sup>

#### **a. FAPE**

Ang mga paaralan ay dapat magbigay ng free and appropriate public education (“FAPE”) sa mga estudyanteng may mga kapansanan na mayroon alinma’y sa Individualized Education Program (“IEP”) o 504 Plan.<sup>17</sup> Ang mga paaralan ay may katungkulang magkaroon ng pulong ng IEP para malaman ang epekto ng pangbu-bully sa isang estudyante. Kung ang mga serbisyo ng estudyante ay apektado sa pangbu-bully, kung gayon ay dapat ayusin ng paaralan ang sitwasyon. Dapat nilang siguraduhin na hindi maitatangi ang kanilang edukasyon.<sup>18</sup> Ang panggigipit sa kapansanan na nakapipinsala sa estudyanteng may kapansanan sa pag-aaral ay maaaring matanggihan ang estudyanteng iyon ng FAPE. Ito’y dahil nabawasan ang kakayahan ng estudyante na mabenepisyuhan sa kanilang edukasyon.<sup>19</sup>

---

<sup>13</sup> Cal. Ed. Code Sections 201(a)-(c).

<sup>14</sup> Cal. Ed. Code Section 33261(a).

<sup>15</sup> Cal. Ed. Code Sections 201(a)-(c).

<sup>16</sup> Cal. Ed. Code Sections 201(a)-(c).

<sup>17</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 21, 2014, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-bullying-201410.pdf>.

<sup>18</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 21, 2014, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-bullying-201410.pdf>.

<sup>19</sup> Dear Colleague Letter, Hulyo 25, 2000, available sa:

<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/disabharassltr.html>.

### **i. Paanong Magagamit ng mga Magulang ang Proseso ng IEP para Malunasan ang Pangbu-bully?**

Kung sa palagay ng mga magulang na ang kanilang anak na may kapansanan ay nabu-bully sa paaralan, dapat nilang kaagad sabihin sa paaralan. Maaaring gusto rin ng mga magulang na humiling ng pulong ng IEP. Magandang panahon ang pulong ng IEP para makipag-usap sa mga kawani ng paaralan tungkol sa mga alalahanin tungkol sa pangbu-bully.

Kung naniniwala ang mga magulang na maaaring negatibong maapektuhan ang kanilang anak ng pangbu-bully o kamusta ang kanilang kalagayan sa paaralan, maaari rin silang gumawa ng nakasulat na kahilingan para sa pagtatasa. Maaaring humiling ang mga magulang ng pagtatasa ng pag-iisip at emosyonal na kalagayan ng kanilang anak. Matutulungan ng pagtatasang ito ang mga magulang at mahahanap ng koponan ng IEP ang mga tamang serbisyo para matulungan na may epekto ang pangbu-bully sa bata at kanilang edukasyon.

Sa pulong ng IEP, mahalaga na sabihin na nakapipinsala sa pag-aaral ng bata ang pangbu-bully sa paaralan. Dapat malunasan ang pangbu-bully sa IEP para makatanggap ang estudyante ng FAPE.

May maraming layunin, akomodasyon, at mga serbisyo na maaaring ilagay sa IEP ng bata para malunasan ang pangbu-bully. Narito ang ilang halimbawa ng mga layunin at pamamagitan ng IEP kung saan ay maaaring malunasan ang mga isyu sa pangbu-bully:

**Pagbuo ng mga kasanayang panglipunan.** Maaaring matutunan ng estudyante ang tungkol sa angkop na panlipunang interaksyon, at matutunang sabihin kung ano ang pangbu-bully.

**Pagbuo ng positibong mga ugnayan.** Ang mga mag-aaral na nagagawang bumuo ng mga positibong ugnayan at pakikipagkaibigan ay mas malamang na magkakakompiyansa. Kung gayon ay maaari silang magkaroon ng mas maraming kasangkapan para pangasiwaan ang pangbu-bully.

**Pagbuo ng mga kasanayan sa sariling-pagtataguyod.** Maaaring matutunan ng mga bata ang mga angkop na tugon sa

pangbu-bully. Kabilang dito kung paano at kailan sasabihin sa mga may sapat na gulang, na sabihing “Tigil,” o lumayo sa mga sitwasyong nakaka-stress.

**Superbisyon o paghihiwalay sa mga bully.** Maaaring magplano ang IEP para sa mga estudyante para masundan ng kawani ng paaaralan o maihiwalay sa mga bully. Bilang halimbawa, sa mga pasilyo o sa likod ng bus ay maaaring mga lugar kung saan nangyayari ang pangbu-bully. Gayunman, maging maingat na ang mga hakbang na ito ay hindi “pinaparusahan” ang batang binu-bully. Hindi dapat sila ilagay sa isang kapaligaran na labis na hinihigpitan o aalisin ang mga pagkakataon para sa positibong sdfinteraksyon ng ka-edad.

**Pagpapayo o iba pang serbisyong mapangsuporta.** Maaari itong pagpapayo o hindi pormal na mga check-in sa isang guro, guidance councilor, o punong-guro na mababalingan ng estudyante kapag sila ay nabu-bully.

**Pagpapayo sa magulang at pagsasanay.** Ang pagpapayo sa magulang ay maaaring makatulong maunawaan ng mga magulang ang mga pangangailangan ng kanilang anak, at tulungan silang magkamit ng mga kasanayan para suportahan ang IEP ng bata.

**Pagtuturo sa mga kawani ng paaralan at/ o mga kaedad.** Maaaring maturuan ang mga kawani ng paaralan tungkol sa patakaran at mga pamamaraan sa pangbu-bully ng paaralan.

Hindi kasama sa listahang ito ang bawat paraan para malunasan ang pangbu-bully. Gaya ng anumang aspeto ng IEP, mga layunin, makakawitrang kaluwagan, at mga serbisyo ay dapat idisenyo para mga natatanging pangangailangan ng bata.

#### **4. Anu-ano ang Tungkulin ang Distrito ng Paaralan para Malunasan ang Pangbu-bully at Panggigipit sa Paaralan?**

##### **a. Panggigipit**

Sa sandaling malaman ng paaralan o dapat malaman na ang panggigipit sa pagitan ng mga estudyante ay nangyari, dapat itong

kaagad na gumawa ng angkop na aksyon para mag-imbestiga.<sup>20</sup> Kung naganap ang paggigipit, dapat gumawa ang paaralan ng mabilis at kapakipakinabang na mga hakbang para piliting tapusin ang paggigipit at maiwasan itong muling mangyari.<sup>21</sup>

### **b. Disiplina**

Sa California, maaaring suspendihin o patalsikin ng distrito ng paaralan sa paaralan kung masasangkot sila sa pangbubuly, kabilang ang cyberbullying.<sup>22</sup> Ang mga pang-apat hanggang labindalawang gradong estudyante ay maaaring suspendihin o patalsikin. Mangyayari ito kung malalaman ng tagapanihala o punong-guro na ang estudyante ay nakilahok sa sadyang paggigipit, mga banta o intimidasyon. Ito'y dapat maging malalang maapektuhan ang gawain sa klase at lumikha ng nakasasamang kapaligiran.<sup>23</sup>

### **c. Patakaran ng Laban-sa-Pangbu-bully**

Sinasabi ng batas ng estado na dapat mayroon ang mga paaralan ng mga patakaran laban sa diskriminasyon at pangbu-bully sa mga paaralan. Kabilang dito ang pangbu-bully at paggigipit batay sa mga aktuwal na ugali o mga ugali na sa palagay ng isang tao ay mayroon siya, kabilang ang kapansanan.<sup>24</sup> Dapat ding may proseso ng reklamo ang mga distro ng paaralan.<sup>25</sup> Dapat kasama sa proseso ng reklamo ang takdang panahon para mag-imbestiga at resolbahin ang mga reklamo. Dapat ding may proseso ng apela ito, sakaling hindi sumang-ayon ang mga magulang sa resolusyon ng reklamo ng distito ng paaralan.<sup>26</sup>

Dapat tiyakin ng mga distrito ng paaralan na ang mga taong nag-uulat ng diskriminasyon, paggigipit, intimidasyon, at pangbu-bully sa paaralan ay protektado at hindi ibinabahagi ang kanilang pagkakakilanlan

---

<sup>20</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 26, 2010, available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-201010.html>.

<sup>21</sup> Dear Colleague Letter, Oktubre 26, 2010, available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/letters/colleague-201010.html>.

<sup>22</sup> Cal. Ed. Code Section 48900(r).

<sup>23</sup> Cal. Ed. Code Section 48900.4.

<sup>24</sup> Cal. Ed. Code Sections 234-234.5.

<sup>25</sup> Cal. Ed. Code Section 234.1(b).

<sup>26</sup> Cal. Ed. Code Sections 234.1(b)(2)-(3).



sa iba.<sup>27</sup> Dapat din nilang utusan ang mga empleyado ng paaralan na gumawa kaagad ng mga hakbang para tumulong. Kung makakita ang empleyado ng paaralan ng pagsasagawa ng diskriminasyon, panggigipit, intimidasyon, o pangbu-bully, dapat silang tumulong kung ligtas na gawin ito.<sup>28</sup>

Maaari kang humiling ng kopya ng patakaran at proseso ng reklamo ng diskriminasyon, panggigipit, intimidasyon at pangbu-bully ng distrito ng iyong paaralan. Maaaring mayroong available na patakaran at proseso ng reklamo ang distrito ng iyong paaralan sa website nito. Kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika, dapat maisaling-wika ang proseso ng reklamo.<sup>29</sup>

### **5. Paano Kang Makakukuha ng Tulong Kapag Hindi Nagawang Protektahan ng Distrito ng Paaralan ang Estudyanteng May Kapansanan sa Pangbu-bully at Panggigipit?**

Kung hindi magagawang protektahan ng paaralan ang estudyanteng may kapansanan sa pangbu-bully o panggigipit, maaaring maghain ang mga magulang ng Uniform Complaint Procedures (“UCP”) sa distrito ng paaralan. Mangyaring tingnan sa website ng Distrito o sa tanggapan ng Distrito para sa isang kopya ng mga Pamamaraan ng Uniform Complaint Procedures ng Distrito. Maaari ring maghain ang mga magulang ng UCP Complaint sa Education Equity UCP Appeals Office sa California Department of Education. Ang website ay <http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc/>.

Maaari ring maghain ang mga magulang ng reklamo sa United States Department of Education’s Office para sa mga Sibil na Karapatan hinggil sa mga alegasyon ng diskriminasyon sa kapansanan na maaaring maghirang sa paglabag sa Seksyon 504 ng Rehabilitation Act o Title II ng Americans with Disabilities Act. Ang website ay <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/howto.html>.

Kung hindi sinusunod ng distrito ng paaralan ang mga batas ng espesyal na edukasyon o hindi ipinapatupad ang mga pamamaraan na

---

<sup>27</sup> Cal. Ed. Code Section 234.1(g).

<sup>28</sup> Cal. Ed. Code Section 234.1(b)(1).

<sup>29</sup> Cal. Ed. Code Section 234.1(b)(4).

napagkasunduan sa IEP ng bata, maaaring maghain ang mga magulang ng reklamo sa pagtalima sa California Department of Education. Ang website ay <https://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/cmplntproc.asp>.

At saka, kung may hindi pagkakasundo sa distrito ng paaralan hinggil sa kung ano ang dapat maisama sa IEP ng bata, maaaring hilingin ng mga magulang na humiling ng due process ng pagdinig. Makakikita ka nang higit pang impormasyon hinggil sa mga pamamaraan ng due process at reklamo sa publikasyon ng Special Education Rights and Responsibilities , available sa online sa: <https://serr.disabilityrightsca.org/>

## **6. Mga sampol ng Reklamo**

### **a. Sampol ng Reklamo sa Punong-guro ng Paaralan**

[*Petsa*]

Para kay: [*Pangalan ng Punong-guro ng Paaralan*]

[*Pangalan ng Paaralan*]

[*Address ng Paaralan*]

Mula kay: [*Pangalan ng magulang*]

[*Address ng magulang kabilang ang Address ng Kalye, Lungsod, Estado at Zip Code*]

Hinggil kay: [*Pangalan ng estudyante*]

Grado [*Antas ng Grado*]

DOB: [*Petsa ng kapanganakan ng estudyante*]

Minamahal na [*Punong-guro ng Paaralan*]:

Sumusulat ako upang ipaalam sa iyo na ang aking anak na si, [*pangalan ng estudyante*], ay nabu-bully at nagigipit sa paaralan. Ang aking anay ay estudyanteng may kapansanan. Ang aking anay ay may sumusunod na kapansanan: [*tukuyin ang kapansanan*]. Naniniwala ako na ang panggigipit na ito ay batay sa kanyang kapansanan.

Siya/Sila ay/nagipit ni [*pangalan ng (mga) nanggigipit*]. nangyari ito noong [*petsa o humigit-kumulang yugto ng panahon*], nang [*ilarawan ang (mga) insidente nang kasing detalye hangga't maaari*].

Nang nangyari ito nasaksihan ito ni [*pangalan ng (mga) saksi*] at [*kanilang sagot*]. Nakipag-usap ang aking anak kay [*mga pangalan ng kawani ng paaralan*] tungkol sa (mga) insidenteng ito noong [*petsa o humigit-kumulang yugto ng panahon*]. Ang kanilang sagot ay [*ilarawan ang sagot ng kawani ng paaralan*]. Nalaman ko ang (mga) insidenteng ito nang [*ilarawan kung paano kang pinaalaman*].

Ang pangbu-bully at panggigipit sa kapansanan na ito ay nakaapekto sa kakayahan ng aking anak na makakuha ng edukasyon at nagresulta sa mga sumusunod na negatibong kinahinatnan:

[*ilarawan ang mga epekto, kabilang ang pisikal/emotsyonal na pinsala o mga epekto, kailangan ng medikal/sikolohikal na paggagamot, at epekto sa akademiko o pagdalo sa aktibidad ng paaralan, pakikilahok at pagganap*].

Maaaring alam mo ,na aking anak ay isang estudyante na may kapansanan, na may Individualized Education Plan (IEP)/504 Plan [*piliin, kung naaangkop*]. Pinoprotektahan ng batas ng pederal at estado ang mga karapatan ng estudyanteng may mga kapansanan na maging malaya sa pangbu-bully at panggigipit batay sa kapansanan, kung saan ay humahadlang o tinatanggi ang pagkakataong lumahok o mabenepisyuhan sa edukasyon. Higit pa rito, inuutusan ng batas ng California ang distrito ng paaralan na pagtibayin ang mga patakaran na nagbabawal sa diskriminasyon, panggigipit at pangbu-bully, para lumikha ng proseso ng reklamo para tumanggap at mag-imbestigang mga reklamo ng diskriminasyon, panggigipit at pangbu-bully, at gawing available ang patakarang ito sa mga magulang at estudyante.

Humihiling ako na makatanggap ng kopya ng patakaran ng Distrito sa pangbu-bully at panggigipit. Hinihiling ko na imbestigahan mo ang isyu na ito at resolbahin sa lalong madaling panahon. Mangyaring ipaalam sa akin, nang nakasulat, ang mga resulta ng iyong imbestigasyon, at kung anong mga hakbang ang iyong ginawa para malutas ang problemang ito, at para matiyak na hindi na mangyayari ito sa hinaharap.

Gusto ko ring humiling ng pulong ng IEP/504 Plan [*pumili ng isa, kung naaangkop*] na maidaos sa lalong madaling panahon upang talakayin

ang mga posibleng makatwirang kaluwagan, serbisyo, at/o mga suporta upang malunasan ang isyu na ito.

Salamat sa iyong maagap na atensyon sa bagay na ito.

[*Lagda ng Magulang*]

[*Petsa*]

**b. Sampol ng Reklamo sa California Department of Education**

[*Petsa*]

Para sa: California Department of Education  
Sharon Felix-Rochon, Director of Office of Equal  
Opportunity  
1430 N Street, Suite 4206  
Sacramento, CA 95814

Mula kay: [*Pangalan ng magulang*]  
[*Address ng Magulang kabilang ang Address ng Kalye,*  
*Lungsod, Estado at Zip Code*]

Minamahal na Ms. Felix-Rochon,

Sumulat ako para maghain ng reklamo laban sa [*pangalan ng distrito ng paaralan*] dahil pakiramdam ko na ang aking anak na si, [*pangalan ng estudyante*] ay maling nadiskrimina laban sa batayan ng kanyang kapansanan.

Si [*Pangalan ng estudyante*] ay nasa [*antas ng grado*] sa [*pangalan ng paaralan*]. Siya ay isang estudyante na may kapansanan; siya ay may [*tukuyin ang kapansanan*]. Siya ay may IEP/504 Plan [*piliin, kung naaangkop*].

Si [*pangalan ng estudyante*] ay na-bully at nagipit dahil sa kaiya/kanilang kapansanan sa paaralan. Nangyari ito noong [*petsa o humigit-kumulang yugto ng panahon*], nang [*ilarawan ang (mga) insidente nang kasing detalye hangga't maaari*].

Nang nangyari ito, narinig o nakita ito ni [*pangalan ng (mga) saksi*] at [*kanilang sagot*]. Nakipag-usap ang aking anak kay [*(mga) pangalan at (mga) titulo ng kawani ng paaralan*] tungkol sa mga insidenteng ito noong [*petsa ng humigit-kumulang yugto ng panahon*] at ang kanilang sagot ay [*ilarawan ang sagot ng kawani ng paaralan*]. Nalaman ko ang insidenteng ito nang [*ilarawan kung paano kang pinaalaman*].

Naniniwala ako na ang ugali ng panggigipit na ito ay batay sa kapansanan dahil [*ilarawan ang kaugnayan sa pagitan ng panggigipit at ng kapansanan ng estudyante*].

Ang panggigipit sa kapansanan na ito ay lumikha ng hostile learning environment kung saan humadlang sa kakayahan ng aking anak na makakuha ng edukasyon at nagresulta sa mga sumusunod na negatibong kinahinatnan: [*ilarawan ang mga epekto, kabilang ang pisikal/emotsyonal na pinsala o mga epekto, kailangan ng medikal/sikolohikal na paggagamot, at epekto sa akademiko at/o pagdalo sa aktibidad ng paaralan, pakikilahok at pagganap*].

[*Maaari kang maghain ng reklamo nang direkta sa CDE, ngunit kung naghain ka muna ng reklamo sa distrito ng paaralan, kung gayon ay isama ang sumusunod na talata*]. Noong [*petsa nang nagpadala ka ng sulat sa distrito ng paaralan*], naghain ako ng nakasulat na reklamo sa distrito ng paaralan at hiniling ko na imbestigahan nila at resolbahin ang bagay sa lalong madaling panahon. Bilang sagot, ang distrito ng paaralan ay [*ilarawan ang sagot ng distrito ng paaralan*]. Naniniwala akong nabigo sila sa kanilang obligasyon na protektahan ang aking anak sa diskriminasyon at panggigipit batay sa kapansanan dahil [*ilarawan kung bakit nabigo ang kanilang tugon na sapat na lunasan ang panggigipit sa kapansanan*].

Pinoprotektahan ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973, Title II ng Americans with Disabilities Act of 1990, at ng California Education Code mga seksyon na 200, 201, 220, 234, at 234.1 ang mga karapatan ng mga estudyanteng may mga kapansanan na maging malaya sa diskriminasyon at panggigipit batay sa kapansanan, kung saan ay humahadlang o tinatanggi ang pagkakataong lumahok o mabenepisyuhan sa edukasyon.

Higit pa dito, sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act at Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973, ang panggigipit sa

kapansanan ay maaaring magresulta sa isang kabiguan ng isang distrito ng paaralan na magbigay ng Free and Appropriate Public Education.

Upang maresolba ang reklamong ito, hinihingi ko ang mga sumusunod na remedyo: [*ipahiwatig kung ano ang gusto mong gawin ng distrito ng paaralan bilang resulta ng iyong reklamo, yan ay, pagpapayo sa estudyante, mga serbisyong pampabayad, pagsasanay sa diskriminasyon at panggigipit sa kapansanan para sa kawani/mga estudyante, mga pagbabago sa mga patakaran ng distrito ng paaralan, atbp.*].

Aking inalakip ang [*ipahiwatig ang anumang nauugnay na mga dokumento/ebidensya, kabilang ang mga sulat at iba pang komunikasyon, mga desisyon, atbp.*].

Mangyaring malayang kontakin ako hinggil sa reklamong ito. Salamat sa iyong maagap na atensyon sa bagay na ito.

Gumagalang,

[Lagda]

[Petsa]

**c. Sampol ng Reklamo mula sa Magulang ng isang Estudyante na may Kapansanang Mababa sa 18 Taong Gulang sa Office for Civil Rights<sup>30</sup>**

[Petsa]

Para sa: Office for Civil Rights, San Francisco Office  
U.S. Department of Education  
50 United Nations Plaza  
San Francisco, CA 94102

---

<sup>30</sup> Kung ang taong nadiskrimina ay 18 o mas matanda, kailangang Lagdaan ng taong iyon ang form ng reklamo at kumpletuhin ang form ng pahintulot/pagpapalabas ng Office for Civil Right, na available sa: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintform.pdf>

Mula kay: *[Pangalan ng magulang]*  
*[Address ng Magulang, kabilang ang Address ng Kalye,*  
*Lungsod, Estado at Zip Code]*  
*[Numero ng Telepono ng Magulang]*  
*[Email Address ng Magulang]*

Minamahal na Sir o Madam,

Sumulat ako para maghain ng reklamo laban sa *[pangalan ng distrito ng paaralan]* dahil pakiramdam ko na ang aking anak na si, *[pangalan ng estudyante]* ay maling nadiskrimina sa batayan ng kanya/kanilang kapansanan. Ang *[pangalan ng distrito ng paaralan]* ay matatagpuan sa *[address ng distrito ng paaralan, kabilang ang address ng kalye, lungsod, estado at zip code]*.

Si *[pangalan ng estudyante]* ay nasa *[antas ng grado]* sa *[pangalan ng paaralan]*. Siya ay isang estudyante na may kapansanan; siya ay may *[tukuyin ang kapansanan]*. Siya ay may IEP/504 Plan *[piliin, kung naaangkop]*.

Si *[pangalan ng estudyante]* ay na-bully at nagipit dahil sa kaiya/kanilang kapansanan sa paaralan. Nangyari ito noong *[petsa o humigit-kumulang yugto ng panahon]*, nang *[ilarawan ang (mga) insidente nang kasing detalye hangga't maaari]*.

Nang nangyari ito, narinig o nakita ito ni *[pangalan ng (mga) saksi]* at *[kanilang sagot]*. Nakipag-usap ang aking anak kay *[(mga) pangalan at (mga) titulo ng kawani ng paaralan]* tungkol sa mga insidenteng ito noong *[petsa ng humigit-kumulang yugto ng panahon]* at ang kanilang sagot ay *[ilarawan ang sagot ng kawani ng paaralan]*. Nalaman ko ang insidenteng ito nang *[ilarawan kung paano kang pinaalaman]*. Naniniwala ako na ang pinaka huling petsa nang si *[pangalan ng estudyante]* ay nadiskrimina noong *[petsa o humigit-kumulang yugto ng panahon]*. *[Kung naganap diskriminasyon nang higit sa nakalipas na 180 araw, kung gayon ay kakailanganin mong ipaliwanag kung bakit naghintay ka hanggang ngayon para maghain ng reklamo]*.

Naniniwala ako na ang ugali ng panggigipit na ito ay batay sa kapansanan dahil *[ilarawan ang kaugnayan sa pagitan ng panggigipit at ng kapansanan ng estudyante]*.

Ang panggigipit sa kapansanan na ito ay lumikha ng hostile learning environment kung saan humadlang sa kakayahan ng aking anak na makakuha ng edukasyon at nagresulta sa mga sumusunod na negatibong kinahinatnan: *[ilarawan ang mga epekto, kabilang ang pisikal/emotsyonal na pinsala o mga epekto, kailangan ng medikal/sikolohikal na paggagamot, at epekto sa akademiko at/o pagdalo sa aktibidad ng paaralan, pakikilahok at pagganap].*

Noong *[petsa nang ipinadala mo ang sulat sa distrito ng paaralan]*, naghain ako ng nakasulat na reklamo sa distrito ng paaralan at humiling ako na imbestigahan nila at resolbahin ang bagay sa lalong madaling panahon. Bilang sagot, ang distrito ng paaralan ay *[ilarawan ang sagot ng distrito ng paaralan]*. Naniniwala akong nabigo sila sa kanilang obligasyon na protektahan ang aking anak sa diskriminasyon at panggigipit batay sa kapansanan dahil *[ilarawan kung bakit nabigo ang kanilang tugon na sapat na lunasan ang panggigipit sa kapansanan]*. *[Kung mayroon kang kopya ng sagot ng distrito ng paaralan, magsama ng kopya ng sagot kasama ng iyong sulat]*. *[Kung naghain ka ng reklamo sa anumang ibang ahensya o korte, mangyaring ibigay ang petsa nang naghain ka ng reklamo, ang case number, at ang mga resulta ng rreklamo na iyon]*.

Pinoprotektahan ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 at Title II ng Americans with Disabilities Act of 1990 ang mga karapatan ng mga estudyanteng may mga kapansanan na maging malaya sa diskriminasyon at panggigipit batay sa kapansanan, kung saan ay humahadlang o tinatanggi ang pagkakataong lumahok o mabenepisyuhan sa edukasyon. Higit pa dito, sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act at Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973, ang panggigipit sa kapansanan ay maaaring magresulta sa isang kabiguan ng isang distrito ng paaralan na magbigay ng Free and Appropriate Public Education.

Upang maresolba ang reklamong ito, hinihingi ko ang mga sumusunod na remedyo: *[ipahiwatig kung ano ang gusto mong gawin ng distrito ng paaralan bilang resulta ng iyong reklamo, yan ay, pagpapayo sa estudyante, mga serbisyong pampabayad, pagsasanay sa diskriminasyon at panggigipit sa kapansanan para sa kawani/mga estudyante, mga pagbabago sa mga patakaran ng distrito ng paaralan, atbp.]*.



Aking inalakip ang [*ipahiwatig ang anumang nauugnay na mga dokumento/ebidensya, kabilang ang mga sulat at iba pang komunikasyon, mga reklamo, desisyon, atbp.*].

Mangyaring malayang kontakin ako hinggil sa reklamong ito. Salamat sa iyong maagap na atensyon sa bagay na ito.

Gumagalang,

[*Lagda*]

[*Petsa*]